



# Kuminidad ng Laykong Maryanista(MLCs) sa Simbahan at sa Buong Mundo

“Ang kagalakan at ang pag-asa, ang kalungkutan, dalamhati ng makabagong panahon, sa lahat ng mga paghihirap at sa lahat ng iba’t ibang uri ng pagdurusa, ay ganoon din ang kagalakan at ang pag-asa, ang kalungkutan at ang dalamhati ng mga alagad o disipolo ni Kristo, at ito’y makatutuhanang nangyayari sa bawat pintig ng puso ng sinuman.”

Pastoral Constitution Gaudium et Spes 1  
Second Vatican Council

“Sa pag-usbong ng Kristiyanismo, ang sandata nating pananampalataya o paniniwala at ang kahulugan nito ay silbing ilaw at pinanghahawakan natin sa ating buhay, ngunit sa bawat araw ang bisa nito’y lumiliit dahil sa nababalot na ang panahon natin ngayon sa mga masasamang bisyo at nakatatakot mang isipin na ito’y nangyayari na sa buong mundo. Gayon man, ang mga pagyayaring ito ay makatutuhanang lumalaganap sa panahon nating ngayon subalit hindi dapat ito panghihinaan ng loob. Ang kapangyarihan ni Inang Maria sa pagsugpu niya sa halos lahat ng masasamang erihiya ay kanyang tatalunin at ang kabutihan lamang ang mamamayanig sa buong mundo. Siya ang babaeng makapangyarihan sa lahat at may kabutihang loob simula noon at hanggang sa ngayon. Siya ang babaeng dakila, ang babeng nangangakong dudurugin ang mga masasama tulad na lamang sa pagdurug niya sa ulo ng isang ahas.”

William Joseph Chaminade  
*Letters to the Retreat Masters*, August 24, 1839

## 1. PANIMULA

- 1.1. Ang pagsusuri na ating ginawa kamakailan lamang ng halos lahat ng kasapi ng Laykong Maryanista sa buong mundo ay isang pagkakataon na rin upang tayo’y makapagpasalamat sa Diyos sa lahat ng kabutihang nagawa ng mga MLC’s, mapasimbahan man o sa lipunan. Samantala, kilalanin pa rin natin ang ating mga kahinaan na may kababaang loob na tanggapin ang mga ito upang tayo’y maging matatag, matapang at makapagbigay ng pag-asa sa pagtugon sa mga katanungang hinaharap natin sa kasalukuyan.

- 1.1.1.Lahat tayo ay batid ang mga pangangailangan ng ating mundo ngunit kinakailangan muna natin isakatuparan ang ilan sa mga praktikal na hakbang para dito.
- 1.1.2.Mahal natin ang ating lokal na kuminidad subalit mahirap para sa atin ang magkusang tumulong at maging kasapi sa malaking kuminidad.
- 1.1.3.Sama-sama tayong tumataguyod na magkaroon ng bagong kasapi subalit kakaunti lamang ang tumutugon.
- 1.1.4.Kakaunti lamang ang ating representasyon sa kabuuan ng ating lipunan at politika .
- 1.1.5.Nababahagi natin ang ating oras at mga dasal ngunit mahirap sa atin ang magbahagi ng ating pansarili kinikita para sa iba na nangangailangan ng ating tulong.
- 1.1.6.Ramdam natin na tayo'y kabilang sa ating Simbahan subalit hindi ito sapat na tayo'y kabilang sa pakikilahok sa kayariang layko.

## **2. KUMUNIDAD AT PAMILYANG MARYANISTA**

2.1.Nakikita natin na isa itong paraan upang mapapaunlad pa ang ating pananampalataya sa Diyos bilang kasapi sa ating kuminidad at bilang bahagi ng pamilyang Maryanista. Ito'y ating paghahanda na nararapat bilang pagtugon sa ating Karismang Maryanista. Tayo'y malugod sa pantay-pantay na kayarian bilang kasapi ng Kuminidad ng Laykong Maryanista(MLC), Daughters of Mary(DMI) ,Society of Mary (SM) at ng Alliance Mariale na sama-samang namumuhay at umuunlad batay sa kani-kanilang bukod tanging Maryanistang bokasyon na magkakasama o nakikiisa na walang kaguluhan o kalituhan sa kani-kanilang tungkulin o ginagampanan. Iminumangkahi natin na makahanap ng makabagong pagkakataon upang makipagtulungan at makilahok sa bawat sangay ng pamilyang Maryanista(pangkalahatang misyon na tumulong sa ating kapwa at sa iba pa.)

2.2.Ang pagtatatag ng ating kuminidad at ng ating mga miyembro ay sa pamamagitan ng ating Panginoon na si Hesus Kristong tunay na tagapagpalaya.

Tayo'y kumakayod na linangin natin ang ating relasyon kay Hesus, tulad ni Inang Maria bilang modelo natin, ang mga salita at gawain ng ating mga tagapagtatag(Blessed William Joseph Chaminade, ang siyang nagbibigay inspirasyon sa atin sa mga misyong ginawa ng ating kuminidad.

- 2.3. Bawat isa sa atin, pinili natin na mapaunlad ang ating pananampalataya sa Diyos bilang kasapi ng ating Komunidad. Naibabahagi natin ang totoong kaligayahan at maging malaya tulad ni Hesus na mapagparaya, simbolo ito ng ating pagmamahal sa lahat ng mga naghahanap kay Hesus lalung-lalo na sa panahong ito.
- 2.4. Itong mga karanasan ng ating Panginoon ay nagbibigay ng sigla sa ating lahat upang maging bukas palad tayong makipagtulungan para magkaroon ng malinis, pantay-pantay at masaganang lipunan. Ang ating komunidad ay mayroong katangi-tanging saloobin sa pagsalubong at pagtanggap sa mga tao, mapamitagan sa kanilang oras at uri ng pamumuhay. Ang espiritu ni Hesus ang Siyang nagpapagalaw sa pagtanggap natin sa kanilang lahat maging sino pa man sila.
- 2.5. Ang komunidad sa pangkalahatan, ay isang lugar kung saan napapaunlad nating ating paniniwala, at sa pagpapalalim ng ating sariling panalangin. Ninanais nating magkaroon ng mas kaaya-ayang mga pagtitipon sa paraang tayo'y mas maging mapaglikha bilang sa pagtugon sa makabagong panahon.
- 2.6. Ating iminumungkahing maghanap ng mga inspirasyon at modelo sa tradisyon ng Maryanista kung saan nakakapagbigay liwanag at buhay ng buong kumunidad. Tayo rin ay gumagawa ng mga pamamaraan upang mabigyan ng mga kalutasan at magkaroon ng magandang bunga sa mga bansang may mga pangangailangan, lalung lalo na kapag nakatuon ang mga ito sa pormasyon at panghihikayat ng bagong kasapi
- 2.7. Kinakailangan nating palakasin ang mga pormasyon ng ating MLC upang ito'y lalong mapabuti ang Kristyanismo sa buong mundo. Upang maisakatuparan ang mga ito, makipagtulungan ang bawat sangay ng pamilyang Maryanista para sa paghahanda ng mga magiging bagong mamuno sa layko man o sa mga relihiyoso, at daan na rin upang mapabuti ang pormasyon ng ating MLC's.
- 2.8. Ang buong kumunidad ay naghahanap ng mga kanya-kanyang pamamaraan sa panghihikayat ng bagong kasapi. Karamihan sa mga bansa, gayon man, ito ay

hindi mabisa. Ito ay nangangailan ng pansarili o sama-samang pagbubulay-bulay tungkol sa mga pamamaraan at istilo na gagamitin para dito.

- 2.9. Pantay-pantay lamang ang ating kumunidad at walang kinikilingan. Hangad natin ang malinaw na pangakong tutulong sa paggabay, sa tulong pampinansyal, at sa hiniiling na pagganap ng mga tungkulin. Kinakailangan natin mag-isip tungkol sa mga pangangailan ng mga tao at sa mapagkukunan ng pondo upang matamo ang nakatakdang mithiin at para makahanap ng angkop at umalalay sa ng ating modelo.
- 2.10. Isa sa mga kinakaharap ng MLC's ay ang pagkamit sa bukas at malayang salitaan ng ating lipunan, na maaring magbunga ng isa pang mas malaking komunidad at nakapagpabago pa sa impluwensya at nagpapalawak pa sa ating misyon.
- 2.11. Gusto natin na makahanap ng angkop na pamamaraan sa pagtugon bilang tagapagsunod ni Hesus, sa makabago at mahirap na hamon ng ating kalagayan. Tayo'y nasa makabagong anyo na ng panahon kung saan malinaw na tinatawag tayo ng Panginoon ayon sa *(Gen. 12, 1) "Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamag-anak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo"* at bukas ito sa ating komunidad, sa mga lalawigan, sa mga bansa, at sa buong mundo. Tulad ng ng ating komunidad ngayon na malalayo man sa isa't isa, tayo'y nagsusumikap na paunlarin at ipagdiwang ang Karismang Maryanista.
- 2.12. Sa kumunidad, umaasa tayo na maipagpapatuloy sa pagkilalang ispiritwal at pagpapahalaga sa pormasyong nagbibigay lakas sa atin lahat, kikilos rin tayo sa pagpatibay sa katarungang panlipunan at mga aspeto sa komunidad. Ang ating paglalakbay ay simula ng pagkakaroon ng makabagong proyekto sa pagdadamay, kung saan maari itong makapagbigay daan sa pagbahagi ng mga kagamitan at sa pagkukunang pampinansyal. Kahit kakaunti lamang ang makayanan, inianyayahan pa rin natin ang mga kasapi sa MLC namamuhay tayong maging simple at iwasan ang makamundong bagay.

### **3. ANG SIMBAHAN**

- 3.1. Sa pamamagitan ng ating binyag, naging bahagi tayo sa ating simbahang Katoliko. Tayo'y bahagi ng ating simbahan at bilang isa sa pamilyang Maryanista. Naging bukas tayo sa pagdarasal upang gabayan tayo ng Espiritu

Santo, tulad ni Inang Maria, paraan ito upang tayo'y nasa tamang landas sa ating pagtugon sa makabago at mahirap na hamon ng panahon.

- 3.2. Binabahagi natin ang mensahe ni Hesukristo sa mga taong naghahanap ng kanyang pagmamahal.
- 3.3. Vatican II, ay mahalaga sa pagiging aktibo natin sa ating tungkulin bilang layko ng simbahan, maraming pagbabagong pananaw at pagpapahalaga sa mga hamon ngayon. Iniisip natin na ang realisasyong ito ay kailangan ng masusing pagpapatupad at pagmumungkahi sa ating pormasyon gamit ang mga dokumento ng ating kapulungan.
- 3.4. Natatanaw ng MLC's ang mga pamamaraan na kinakailangan upang higit na mapamadali, bukas at makahulugang paglalarawan ng ating pananampalataya bilang Kristyano.
- 3.5. Tayo'y naniniwala na ang liturhiya ng simbahan ay simbolo at nagbibigay kahulugan sa ating pagkakaisa. Karapat dapat nating itaguyod ang higit na aktibong partisipasyon upang ang liturhiya ay higit na madaling maipaabot, masaganang pagdiriwang, masaya at ito'y nagpapahiwatig ng iba't-ibang kultura.
- 3.6. Habang lumalalim ang ating kaalaman tungkol sa karismang Maryanista, ninanais natin maibahagi kung sino tayo at ano ang ating mga ginagawa sa ating simbahan. Maipakita natin ang mga ito sa pamamagitan ng mga halimbawa sa ating pamumuhay at ito'y makikita ng iba sa atin
- 3.7. Ating isinusulong ang higit na mapagkumbaba, malinaw at maunawang pakikipag-usap sa simbahan, sa mga mahihirap at ang higit na malapit sa makatotohanang pangyayari.
- 3.8. Sa pagiging aktibo natin bilang layko sa simbahan( ang pagtugon natin sa Vatican II, ayon sa ibang dokumentong simbahan, at sa mga inspirasyon natin sa mga kasulatan ng ating Marianist family founders) ay napakahalaga para sa atin. Bilang Laykong Marianista, tinawag tayo dahil may tungkulin tayo sa ating simbahan. Kinakailangan kasapi tayo sa istructura ng Simbahan sa lahat ng aspeto: lokal, lalawigan, nasyonal, kontinente, sa buong mundo upang

maibahagi natin ang ating karanasan bilang pantay-pantay na disipolo na layko o relihoyoso

- 3.9. Sinisikap natin na maging bahagi din ang mga kababaihan sa pakikiisa sa mga desisyong gagawin ng ating simbahan.
- 3.10. Kinakailangan rin natin ang makabagong pamamaraan para humikayat ng mga kabataan at maging epektibo sila sa panghihikayat sa iba pang kabataan katulad nila para na rin maibahagi nila ang kanilang talento sa simbahan.

#### **4. LIPUNAN**

- 4.1. Ang ating kumindad ay bahagi sa ating lipunan kung saan tayo'y naninirahan at kumakatawan sa karismang Maryanista.
- 4.2. Ang misyon na kung saan ay wasto at tiyak sa mga layko ay karapat-dapat magampanan sa paghatid sa buong mundo, para naman ang ating salaysay at ang mga gawain ay nagbibigay ng mga pagbabagong anyo sa ating mundo at maglikha ng higit pang pantay pantay na kayarian.
- 4.3. Ang buhay natin sa ating sariling pamilya ay siyang ating pundasyon para sa ating pagpapaunlad ng ating pananampalataya, pagkatao, at sa ating misyon bilang Kristiyano. Tulad ng ating pamilya, mahalaga rin ito bilang isang kasapi sa kumunidad ng Maryanista. At sama-samang tayong kumikilos at nagtataguyod sa layunin ng ating kumunidad ng may karangalan at respeto sa bawat pagkatao.
- 4.4. Ang pamumuhay natin ay sadyang kumakatawan batay sa ating nalalaman sa Magandang Balita ng Diyos. Sa ating pag-uunawa sa personal o kumunidad na pamumuhay na siyang nagbibigay buhay, magandang pagkatao sa ating pamilya, sa mga kaibigan, kasamahan sa trabaho at tayo'y naging aktibo sa partisipasyon ng ating simbahan at lipunan.
- 4.5. Sa mga panggyayari ngayon, sa buong mundo, ang samahang natin mga Laykong Maryanista ay sumusuporta ng tunay, tapat, nakikipagtulungan,

propesyonal, sumisikap at responsible sa kanilang gawain. Bilang totoo sa Magandang Balita na ating natutunan na mga magagandang asal ng bawat kasapi ng samahan. Sa lahat ng aspekto ng ating pamumuhay, ang mga layunin na ginagawa ng mga Maryanista ay siyang nagbibigay ng magandang impluwensya sa buhay ng bawat isa ng ating lipunan.

- 4.6. Sa ating lipunan, ang karapatang paggawa o paglikha na hindi pantay-pantay at sa pagka-di- gusto magbahagi ng kanilang kabutihan sa kapwa ay siyang rin makapaimpluwensya sa ating kumunidad. Sa lahat ng okasyon, humahadlang sa ating pagkatao ang dapat sanang magpapatunay sa atin sarili. Subalit, kinakailangan nating ang pagbabago upang makapagpatuloy tayo sa pagkikibahagi sa ating kapwa kung ano man mayroon tayo sa buhay.
- 4.7. Tinawag tayo upang palaguin ang katarungan sa pamamagitan ng ating pakikisalimuha at pagtataguyod, para isabatas at tuparin ang pantay na pamamalakad na may dangal sa karapatang pantao.
- 4.8. Hindi tayo sumasang-ayon sa mga di kanais-nais na pamamaraan ng ating lipunan. Tayong mga Laykong Marianista ay nagtataguyod ng matiwasay at mapayapang pamamuhay sa pamamagitan ng positibong pakikipagrelasyon sa ibang relihiyon.
- 4.9. Nasimulan na natin ang ating paglalakbay upang itaguyod ang ating magandang layunin at misyon sa bawat isa at sa ating kumunidad, sandata natin ang ating sariling lakas at kaalaman sa pagtugon sa mga tulong na kinakailangan ng ating kapwa lalung lalo na sa mga mahihirap. Ito'y hakbang na rin natin upang makapagbahagi tayo ng oras, tumulong o magbahagi ng mga talento na mayroon tayo para sa iba.
- 4.10. Ating iminumungkahi na baguhin ang ating nakasanayang pag-uugali sa pagkunsumo, sa pag-iisip tungkol sa paggamit natin sa ating kayamanan. Dapat tayong maging aktibo sa pakikibaka para sa hustisya at suportahan ang mga proyekto na ika-uunlad ng ating bansa.
- 4.11. Nararapat na makilahok tayo sa lokal na mga institusyon at organisasyon upang magkaroon tayo ng pagbabago sa ating kinalakihang mundo at hindi tayo mawawalan ng pag-asa na makamit ito.

4.12.Sa pagwawakas, tiwala tayo na maisasakatuparan natin itong mga pagbabago kung tayo'y kikilos sa pagpapalaganap nito sa ating lipunan at sa buong komunidad. *Tulad ni Inang Maria, anyayahan natin ang iba upang "gawin ang anumang naisin ng Panginoon sa atin", bilang kaisa sa pamamaraan ni Inang Maria, makakamtan natin ang anyang anak na si Hesus.*

Sa Ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo  
Luwalhatian ang buong mundo  
Sa pamamagitan ni Birheng Maria, Amen

Document ratified by the General Assembly  
at the Fifth International Meeting of the Marianist Lay Communities  
which took place in August 2009 in Nairobi , Kenya .